

Pormula ng Sanggol: Anong Kailangan Mong Malaman

Ang World Health Organization, Health Canada, Mga Dietitian ng Canada at Canadian Pediatric Society ay nagrekomenda na ang mga sanggol ay pakainin lamang ng gatas sa suso para sa mga unang 6 na buwan at ipagpatuloy ang pagpapasuso ng gatas para sa hanggang dalawang taon at lagpas, na may karagdagan na solidong mga pagkain.

Ang mga pamilya ay maaaring gumamit ng pormula para sa iba't-ibang mga dahilan. Kung ikaw ay nag-iisip na magpakain ng pormula sa iyong sanggol, makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o pampublikong nars ng kalusugan. Narito ang mga ilang katotohanan na dapat isaalang-alang.

POTENSIYAL NA MGA PANGANIB NG PAGPAPAKAIN SA SANGGOL

Kapag ang mga sanggol ay hindi nakakatanggap ng gatas sa suso, sila ay may mas mataas na panganib para sa:

- Mga impeksyon sa tenga.
- Mga impeksyon sa бага at sa daanan ng paghinga.
- Nakakahawang pagtatae.
- Sudden Infant Death Syndrome (SIDS).
- Sobra sa timbang at labis na katabaan.
- Type 2 na dyabetis.

Kapag ang mga ina ay hindi nagbibigay ng kanilang gatas sa suso sa kanilang mga sanggol, ang mga ina ay may mas mataas na panganib para sa:

- Abnormal na pagdurugo pagkatapos na magkaroon ng sanggol.
- Type 2 na dyabetis.
- Kanser sa suso at obaryo.

Kapag ang mga sanggol ay hindi nakakatanggap ng gatas sa suso, sila ay maaaring magkasakit mula sa:

- Kontaminadong tubig.
- Mga pagkakamali sa paggawa ng pormula.
- Pagkakamali sa paghahanda ng pormula.
- Hindi tamang pag-iimbak ng pormula.
- Paggamit ng ibang mga bagay bukod sa pormula (halimbawa gatas na kondensada).

Kung bibigyan mo ang iyong anak ng pormula isaalang-alang ang mga sumusunod:

- Anong pakiramdam mo tungkol sa pagbibigay ng pormula sa iyong sanggol ngayong alam mo na ang mga panganib?
- Maaari ka bang maghanda at magpakain ng pormula ng sanggol nang ligtas?
- Nauunawaan mo ba ang mga halaga ng pormula?
- Alam mo ba na ang pormula ay kinakailangan para sa 9 hanggang 12 buwan?

Kung nais mo ng higit pang impormasyon sa pagpapakain ng sanggol, makipag-ugnay sa iyong yunit ng pambulikong kalusugan at tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Ang mga karagdagang [pilyego ng tip at isang video](#) ay makukuha upang matulungan ka kung ikaw ay nagsasaalang-alang o ay gumagamit ng pormula para sa sanggol.

Video: Pormula ng Sanggol: Anong Kailangan Mong Malaman

Mga Pilyego ng Tip

Pilyego ng Tip #1 – [May Kaalamang Paggawa ng Desisyon](#)

Pilyego ng Tip #2 – [Paghahandang Gumawa ng Pormula](#)

Pilyego ng Tip #3 – [Paano Maghanda ng Handa-Nang-Ipakain na Likidong Pormula para sa Malulusog na Sanggol](#)

Pilyego ng Tip #4 – [Paano Maghanda ng Purong Likidong Pormula para sa Malulusog na Sanggol](#)

Pilyego ng Tip #5 – [Paano Maghanda ng Pulbos na Pormula para sa Malulusog na Sanggol](#)

Pilyego ng Tip #6 – [Paano Pakainin sa Bote ang Iyong Sanggol at Ilipat ang Pormula](#)



Para sa impormasyon tungkol sa kung paano at kailan pakakainin ang iyong sanggol tingnan ang:

- **Pormula ng Sanggol: Anong Kailangan Mong Malaman**